| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | IV |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by DepEd Click | Learning Area: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates and Time: | OCTOBER 3 – 7, 2022 (WEEK 7) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **I.LAYUNIN** | | | | | |
| **A. PAMANTAYANG PANGNILALAMAN** | Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pangunawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal gamit ang mapa. | | | | |
| **B. PAMANTAYAN SA PAGGANAP** | Ang mga mag-aaral ay naipapamalas ang kasanayan sa paggamit ng mapa sa pagtukoy ng iba-t ibang lalawigan at rehiyon ng bansa. | | | | |
| **C. MGA KASANAYAN SA PAGKATUTO** (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | Nakapagbibigay ng konlusyon tungkol sa kahalagahan ng mga katangiang pisikal sa pag- unlad ng bansa. **AP4AAB-Ij- 13** | | | | ***(Weekly Test and Remediation)*** |
| **II.NILALAMAN** | **Kapuluan: Dulot ay Kaunlaran**<br><br>Nakapagbibigay ng konklusyon tungkol sa kahalagahan ng mga katangiang pisikal sa pag-unlad ng bansa. | | | | |
| **KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | AP4, Module 6 | AP4, Module 6 | AP4, Module 6 | AP4, Module 6 | |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral | | | | | |
| **B. Kagamitan** | Powerpoint | | | | |
| **III.PAMAMARAAN** | | | | | |
| | **SUBUKIN**<br><br>Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.<br><br>1. Ang ________________ ay isang anyong lupa na napapaligiran ng anyong tubig.<br>A. arkipelago<br>B. pulo<br>C. kapatagan<br>D. bundok | **TUKLASIN**<br><br>Basahin ang maikling tula. | **PAGYAMANIN**<br><br>GAWAIN A: GUESS THAT SYMBOL<br><br>Palitan ang mga simbolo ng mga salitang katumbas nito upang mabuo ang mga konseptong napag-aralan. Isulat ang mga konseptong nabuo sa iyong sagutang papel. | **TAYAHIN**<br><br>A. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.<br>1. Ano ang pangunahing pakinabang ng pagkakaroon ng Pilipinas ng iba't ibang anyong lupa at anyong tubig? | ***(Weekly Test and Remediation*** |

2. Ang mga kapatagan ay angkop sa pagtatanim ng mga ________.
A. palay, mais, mani, tubo,
B. tabako, abaka, pili, strawberry
C. pechay, repolyo, kangkong, gabi
D. mangga, mahogany, narra, bakawan
3. Alin sa mga sumusunod ang maaring magsilbing panangga sa mga bagyong dumarating sa ating bansa?
A. Matatarik na mga bangin
B. Mahahabang bulubundukin
C. Malalawak na mga kapatagan
D. Matataas at aktibong mga bulkan
4. Ang mga bulkan na bagaman ay mapanganib ay maaari ring magsilbing _________ dahil sa angkin nitong kagandahan.
A. pasyalan
B. libingan
C. pahingahan
D. dausan ng konsyerto
5. Sa anong larangan maaaring makatulong sa pag-unlad ang mga
naggagandahang anyong tubig at anyong lupa ng Pilipinas?
A. turismo
B. kalusugan
C. edukasyon
D. kapayapaanD. hurricane

2. Ito ay ang higit sa normal na lebel ng pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan. Ito ay epekto ng nagaganap na paglindol.
A. tsunami
B. tidal wave
C. hurricane
D. storm surge

**KAPULUAN: DULOT AY KAUNLARAN**
(By: Emma A. Jadie)

Pilipinas aking lupang sinilangan,
Ikaw ay mahal ng lahat ng sanlibutan;
Mga dayuhan sayo'y nagsipuntahan,
Sila'y nabighani sa likas mong kagandahan.

Pilipinas ika'y tinawag na kapuluan,
Taglay ang gandang pisikal na katangian;
Sa bawat puso ng iyong mamamayan,
Ipinagmamalaki ka kahit kanino man.

Pilipinas nasa sayo ang solusyon,
Problema sa bansa ikaw ang aahon;
Turismo, ekonomiya sayo nakatuon,
Kaunlaran mo, iyong ibabangon.

Pilipinas wala na ngang hahanapin pa
Sa lahat ng bansa, taglay mo'y kakaiba
Darating na salinlahi sa iyo'y umaasa
Naway kaligtasan mo ngayo'y ibigay na.

1. Saan tungkol ang tula?
2. Ano-ano ang katangiang pisikal ng Pilipinas?
3. Paano mo maipagmamalaki ang mga katangiang pisikal ng ating bansa?
4. Bakit mahalaga ang pagiging kapuluan ng Pilipinas?

Ngayon ay handa ka na para tumuklas ng panibagong mga kaalaman. Pag-aralan ang sumusunod na impormasyon tungkol sa mga katangian pisikal ng Pilipinas at ang kahalagahan nito sa pag-unlad ng bansa upang masagot mo ang mga katanungan.

1. Ang Pilipinas ay isang ____☼____.
2. Ito ay kilala rin sa tawag na____☆____ o isang anyong lupa na binubuo ng malalaki at maliliit na mga pulo.
3. Binubuo ang bansa ng malalawak na ____♡____, mahahabang ____☺____, nakabibighaning mga ____☁____ at bulkan, napakagandang mga ____☾____ nakahihikayat na mga ____❖____ at ____✚____ at malalaki at maliliit na mga ____⬠____.
4. Malaki ang pakinabang ng bansa sa ____◔____ nito.
5. Maraming magagandang tanawing dulot ng ____⇨____ ng bansa ang dinarayo ng mga ____✥____.

| | | | |
|---|---|---|---|
| ⇨ | katangiang pisikal | ☆ | arkipelago |
| ♡ | kapatagan | ◔ | turismo |
| ☁ | kabundukan | ☺ | bulubundukin |
| ✚ | talon | ☾ | dalampasigan |
| ☼ | kapuluan | ⬠ | pulo |
| ❖ | Ilog | ✥ | turista |

GAWAIN B: PLUS OR MINUS POINT

Lagyan ng plus sign ( + ) kung ang kalagayan ay nagsasaad ng
kahalagahan ng katangiang pisikal ng Pilipinas minus sign ( ━) kung
hindi. Ilagay ang iyong sagot sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 3
minuto.
_____1. Nakatira sa tabing-dagat ang mag-anak ni Mang Joselito. Arawaraw
siyang nanghuhuli ng isda upang may maibenta. Dahil dito, napagtapos niya ang kaniyang mga anak sa pag-aaral.
_____2. Madalas daanan ng bagyo ang lugar nina Emma. Malapit sila
sa mga bukubundukin. Ang bahay nila ay ligtas dahil nagsisilbing panangga sa bagyo ang mga bundok.
_____3. Maraming naninirahan sa may baybayin ngunit hindi ligtas sa
tuwing may nagbabadyang storm surge.
_____4. Ang inyong lugar ay may malawak na kapatagan. Maraming
mga magsasaka ang nagiginhawahan dito dahil mainam ito na
taniman ng palay .

A. Naging tanyag ang Pilipinas sa ibang bansa.
B. Naging maunlad ang bansa sa larangan ng turismo at ekonomiya
C. Naging matao sa Pilipinas dahil maganda ang mga anyong tubig at lupa
D. Naging mayaman ang Pilipinas dahil sa mga magagandang tanawin
2. Ang mga ilog, dagat, lawa at iba pang anyong tubig ay nagsisilbing
______________ ng mga Pilipino at mga turista lalo na kung taginit.
A. pasyalan, piknikan
B. dausan ng miting
C. tapunan ng basura
D. dausan ng konsyerto
3. Piliin ang mga pangunahing dahilan kung bakit naaakit ang mga turista na pumunta at manirahan sa ating bansa?
I. Dahil sa mga likas na yaman ng Pilipinas
II. Dahil sa mga katangiang pisikal ng Pilipinas
III. Dahil sa natural na kagandahan ng Pilipinas
IV. Dahil sa mayamang kultura at tradisyon ng Pilipinas
A. I at II
B. I, II at III
C. II at III
D. I, II, III at IV

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 3. Ang DRRMC ay ang ahensiyang nangangasiwa sa mga pagsasanay para sa kaligtasan ng bawat mamamayan. Ano ang kahulugan ng acronym na DRRMC?<br>A. Disaster Risk Reduction and Management Council<br>B. Disaster Reduction and Risk Management Council<br>C. Disaster Risk and Reduction Maintenance Council<br>D. Disaster Risk and Reduction Management Corporation<br><br>4. Ang mga karaniwang lugar na madalas daanan ng bagyo at may posibilidad sa storm surge ay ang ___________<br>A. baybayin<br>B. kagubatan<br>C. kapatagan<br>D. disyerto<br><br>5. Bakit mahalagang malaman ang tsunami alert level at mga babala ng bagyo?<br>I. Upang mapaghandaan ang paglikas<br>II. Upang walang mangyaring masama sa sinuman<br>III. Upang makapagplano ng aksiyon na dapat gawin.<br>IV. Upang maging alerto sa mga posibleng hindi magandang mangyayari<br>A. I at II lamang<br>B. I, II, at III lamang<br>C. I at III lamang<br>D. I, II, III at IV<br><br>6. Ang pagkakaroon ng iba't ibang anyong lupa at anyong tubig sa | | ______5. Maganda ang Bulkan Mayon ngunit nagdadala ito ng panganib sa tuwing pumuputok. | 4. Sa paanong paraan nakatutulong ang mahahabang bulubundukin sa mga taong nakatira malapit dito?<br>A. Nagsisilbing taguan kapag may dumarating na mga kalaban<br>B. Nagsisilbing tirahan ng mga taong walang matirikan ng bahay<br>C. Nagsisilbing taguan ng mga tao laban sa mga mababangis na hayop.<br>D. Nagsisilbing panangga sa mga bagyo ang mahahabang bulubundukin<br>5. Kung bubuo ka ng konklusiyon tungkol sa kaugnayan ng kaunlaran ng bansa at ng katangiang pisikal ng Pilipinas bilang isang kapuluan, ano ang maaari mong mabuo?<br>A. Ang kaunlaran ay nakasalalay sa likas na kapaligiran.<br>B. Likas na kagandahan ng Pilipinas ang pagiging kapuluan.<br>C. Ang pagiging kapuluan ng Pilipinas ay nagdudulot ng kaunlaran.<br>D. Ang pagiging kapuluan ng Pilipinas dulot ay magandang kalakalan. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pilipinas ay may malaking ambag sa _________________.<br>A. Pagdami na populasyon ng bansa<br>B. Pagbagsak ng ekonomiya ng bansa<br>C. Pagtaas ng bilang ng krimen sa bansa<br>D. Pag-unlad ng bansa lalo na sa larangan ng turismo<br>7. Ano ang magandang naidulot ng pagiging masagana ng bansa sa<br>mga katangiang pisikal?<br>A. kahinaan<br>B. kaunlaran<br>C. kakulangan<br>D. kahirapan<br>8. Bakit maraming dayuhan ang pumupunta sa Pilipinas?<br>A. Dahil sa likas na kagandahan nito<br>B. Dahil maraming magagandang Pilipina dito<br>C. Dahil maraming malalaking gusali sa bansa<br>D. Dahil marami ang bilang ng populasyon sa Pilipinas<br>9. Paano mo mapapatunayan na ang Pilipinas ay isang arkipelago?<br>A. Maraming itong katubigan<br>B. May malalawak itong mga lugar<br>C. May malalaki itong kagubatan<br>D. Binubuo ito ng maraming pulo<br>10. Ano ang magandang epekto ng pagkakaroon natin ng malawak na katubigan?<br>A. Ito ay maaaring maging daanan ng mga kalakal.<br>B. Ito ay mainam para sa pagbabangka o pagbibiyahe.<br>C. Ito ay maaaring pagkakitaan sa pamamagitan ng | | | | |

pangingisda.
D. Lahat ng nabanggit ay tama.

**BALIKAN**


IMATCH MO KO

Pagtambalin ang hanay A sa hanay B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| ____1. Ito ay mataas na anyong lupa ngunit may butas sa gitna at naglalabas ng mainit na *lava* | A. talampas |
| ____2. Ito ay anyong lupa na mas mababa kaysa sa bundok at bulkan. | B. pulo |
| ____3. Ito ay patag o pantay at malawak na na anyong lupa | C. kapatagan |
| ____4. Ito ay anyong lupa na napapaligiran ng tubig | D. burol |
| ____5. Isang anyong lupa na patag ang ibabaw | E. bulkan |

AH MAZE ME

Saan matatagpuan ang mga anyong tubig? Hanapin sa pamamagitan ng isang maze. Bakatin ito gamit ang iyong kamay at
isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.




**SURIIN**

Basahin at unawain ang mga impormasyon.

Ano-ano ang katangiang pisikal ng bansa na maaari mong ipagmalaki? Pagmasdan ang mapang pisikal ng Pilipinas.




Ang Pilipinas ay isang arkipelago. Ito ay binubuo ng malalaki at maliliit na mga pulo at napapaligiran ng mga anyong tubig. Ang pagiging arkipelago ng bansa ay may malaking pakinabang sa pag unlad nito.

Ang magihit 7 641 pulo ng Pilipinas ay nagbibigay rito ng marami at mahabang dalampasigan. Marami ang maaaring maging daungan at kanlungan. Nagbibigay din ito ng yamang dagat na may malaking pakinabang sa kabuhayan. Ang bansa ay may iba't-ibang anyong lupa at sagana sa likas na yaman. Ang mga ito ang pinagkukunan ng pangangailangan at ginagamit sa paglikha ng produkto. Mas mauunawaan ito kung iisa-isahin ang kahalagahan ng mga katangiang pisikal na taglay ng ating bansa.


Pag-aralan ang mga anyong lupa at anyong tubig at ang ilan sa pakinabang ng mga ito na makikita sa talahanayan.

| Anyong Lupa/Tubig | Pakinabang |
|---|---|
| Kapatagan<br>talampas | Mahalaga ang mga kapatagan at talampas dahil ang mga ito ang malalaking taniman ng mga palay, tubo, mais at marami pang iba. Nagsisilbi ding itong pastulan ng baka, kalabaw at kambing. |
| bulubundukin | Mahalaga ang mga bulubundukin dahil ang mga ito ay nagsisilbing panangga sa mga bagyo. Tulad ng kapatagan, ito ay nagsisilbi ding taniman at pastulan. |
| bulkan | Mataba ang lupa sa palibot ng bulkan kaya't mainam ito gawing taniman. Ang mga lugar malapit dito ay nagsisilbi ding atraksyon sa mga turista tulad na lamang ng Cagsawa sa lalawigan ng Albay sa Bicol. |
| dalampasigan<br>ilog<br>lawa<br>talon | Ang mga anyong tubig na ito ay ang pinagkukunan ng hipon, talaba, isda at iba pa Malaking tulong ito sa kabuhayan at industriya ng pangingisda. Ang talon ay maaaring mapagkunan ng lakas enerhiya samantalang ang mga dalampasigan naman ay maaring gawing *resort*, pasyalan o lugar para sa piknik. |

Malaki ang biyayang dala ng katangiang pisikal ng Pilipinas dahil sa nakukuhang pakinabang ng mga mamamayan mula sa kapaligiran niya. Ano pa ba ang ibang pakinabang na maaaring makuha mula sa pagiging hitik ng bansa sa likas na yaman?

**ISAGAWA**


Punan ng sariling paliwanag ang scroll upang maipakita ang iyong
pagpapahalaga sa mga katangiang pisikal na nakikita mo sa iyong
paligid o sariling lugar.



Isa ang turismo sa nagbibigay tulong sa pag-unlad ng Pilipinas. Ang pagbisita ng mga turista sa mga pook pasyalan, banyaga man o lokal na turista ay nagbibigay ng kita sa lokal na pamahalaan. Tinatangkilik ng mga bisita ang mga mabibiling produkto, ligtas na mga tinutuluyan o *hotel*, magagandang pasilidad at maayos na serbisyo. Ito ay nakapagbibigay din ng hanapbuhay sa lokal na mamamayan at malaking tulong ito upang maragdagan ang bilang ng mayroong trabaho sa bansa.

Ang pagdagsa ng turistang bumisita sa magagandang tanawin ng bansa ay may epekto sa pag angat ng ekonomiya. Ito ay nakatutulong upang lalo pang mapainam ang mga ipinapagawang imprastraktura at ang pagsasaayos ng mga paliparan, mga daungan at terminal ng mga bus. Ang nakakahalinang likas na yaman, ang mayamang kultura at ang mainit na pagtanggap natin sa mga bisita ang dahilan kung bakit binabalik balikan ng mga turista ang Pilipinas.

Tingnan ang presentasyon tungkol sa turismo para mas lubos na maunawaan ang kahalagahan ng mga katangiang pisikal sa turismo.




| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | | | | | |
| B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | | | | | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | __Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | __Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | __Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | __Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | __Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan |
| G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang “Suggestopedia”<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang “Suggestopedia”<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang “Suggestopedia”<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang “Suggestopedia”<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang “Suggestopedia”<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material |